# 多言語情報コーナー　　（令和８年　３月号）

## 1. Paala-ala sa Lahat ng mga Nagbibisikleta

Dahil sa bahagyang pagbabago ng Batas Trapiko, may isang batas ang **"Traffic Violation Notification System"** ang ipapatupad simula Abril 1, 2026 para paglabag sa batas trapiko ng mga sumasakay ng bisikleta.

Ang **"Traffic Violation Notification System"** ay ipapatupad sa mga nagbibisikleta na may edad na 16 taong gulang pataas na magbayad ng multa kapag lumabag sila sa mga batas trapiko.

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga halimbawa ng pangkaraniwang paglabag:

- Pagtawid sa Red Light
- Paggamit ng cellphone habang nagbibisikleta
- Paggamit ng payong o pakikinig ng malakas na musika habang nakasakay ng bisikleta.
- Hindi paghinto sa “Tomare” o "Stop" sign
- Pagsakay ng bisikleta na lasing
- Pag-ankas o pagbibisikleta na may kasabay na tumatakbo ng magkaparehong bilis.

Ang mga multa ay inaasahang mula 3,000 hanggang 12,000 yen, depende sa paglabag.

Bilang pagtugon sa patuloy na pagtaas ng mga aksidente dulot ng pagsakay sa bisikleta, ang batas na ito ay ipatutupad upang maiwasan ang mga malubhang pinsala at aksidente. Ang mga bisikleta, tulad ng mga kotse at motorsiklo, ay itinuturing na "mga sasakyan."

Mangyaring mas lalong paigtingin ang pagsunod sa batas trapiko at palaging mag-ingat sa ating mga minamaneho.

**2. Tungkol sa Pagbibigay Pinansyal na Suporta sa mga Nag-aalaga ng Kanilang Anak Kasama na ang Child Allowance na Igagawad ng Pamahalaang Lungsod Dahil sa Pagtaas Presyo ng mga Bilihin.**

Ang mga pamilyang may mga anak na lubhang apektado ng tumataas na presyo ng mga bilihin ay makakatanggap ng childcare support allowance na 20,000yen mula sa national government at 10,000 yen naman na katulad na pinansyal na suporta galing sa pamahalaang lungsod.

Ang mga eligible na makakatanggap ay ang mga residente ng lungsod at naangkop sa isa sa mga sumusunod na pamantayan:

1) Mga magulang ng mga bata na kwalipikado na para sa childcare allowance mula pa noong Setyembre ng taong 2025

2) Mga magulang ng mga batang ipinanganak sa pagitan ng Oktubre 1, 2025 at Marso 31, 2026

3) Mga magulang na nakipag-hiwalay mula pa noong Oktubre 1, 2025 at nakapag-apply na ng pagtanggap ng childcare allowance.

Para sa mga nakapag-apply na ng childcare allowance sa lungsod hanggang Enero ng 2026, magkakaroon na sila ng kanilang childcare allowance sa ika-4 ng Marso sa pamamagitan ng paglalagay ito sa kanilang bank accounts. Sa mga hindi pa nakapag-apply para dito ay dapat gawin ang application sa Childcare General Affairs Division o ang “Kosodate Soumu-Ka ng munisipiyo.

Ang halaga ng pinansyal na benepisyo ay 30,000 yen bawat bata mula sa bagong panganak hanggang ang mga nasa ikatlong taon ng high school at ito ay isang beses lamang na ipagkakaloob.

## 3. Ang Hindi Dapat Pagtapon ng Basura o Nagamit na Mantika sa Kanal o Lababo.

Ang mga basura at langis mula sa mga kusina ng kabahayan at restaurants ay maaaring makabara sa mga tubo ng imburnal at nagiging sanhi ng pag-apaw ng dumi mula sa mga nasabing paagusan ng maruming tubig at manhole.

Upang maiwasang mangyari ito, gawin ang mga sumusunod na hakbang upang maiwasan ang pagpasok ng basura at langis sa sewer system:

- Huwag mag-flush ng iba pang bagay maliban sa toilet paper.
- Punasan ang anumang mantika mula sa mga ginamit na kagamitan sa pagluluto at pinggan bago hugasan ang mga ito.
- Huwag ibuhos ang natirang sabaw o iba pang likido sa lababo. Sa halip, salain ang mga ito gamit ng isang lumang tela bago itapon ang sabaw. Maaari rin gumamit ng papel o katulad upang ma-absorb ito at itapon kasama ng burnable garbage.
- Patigasin muna ang ginagamit na mantika para sa pagprito sa pamamagitan ng coagulant na mabibili at itapon ito bilang burnable garbage. Maaari rin na hayaan ang langis na lumamig nang sapat, alisin ang anumang malaking bagay na nakahalo at pagkatapos ay ilagay ito sa isang walang laman na pet bottle para sa dalhin sa lugar na kinokolekta ito.

Kapag inilalagay ito sa pet bottle para dalhin sa collection areas, siguraduhing isara nang mahigpit ang takip nito. Ang mga mantika lamang na ginamit sa pagluluto (salad oil) ang maaaring kolektahin. Ang mga container-type collection box ay inilalagay sa tabi ng opisina ng security quarter sa multi-story parking side ng pangunahing gusali ng City Hall, sa mga counter ng Community Development Promotion Division ng bawat sangay ng munisipiyo at sa mga pamilihan tulad ng Michi no Eki Markets. Mayroon ding mga collection stations sa Torisen Kuranomachi, Torisen Ohira, Torisen Fujioka at Otani Nishikata supermarket ng lungsod.

Kung barado ang iyong mga tubo ng imburnal at hindi makadaloy ang dumi sa

sewage, mangyaring kumonsulta sa tagapangasiwa ng sewage system ng lungsod.